

# PAGKOLEKTA SA KOSTUMER NG IMPORMASYON TUNGKOL SA BUWIS

## ● **Bakit kami kumukolekta sa kostumer ng impormasyon tungkol sa buwis?**

Ang Pamahalaan ng Australya ay sumusunod na sa bagong pangmundong pamantayan sa awtomatikong pagpapalitan ng impormasyong pampinansiyal. Ito ay nangangailangan sa mga institusyong pampinansiyal sa buong mundo na magkolekta ng impormasyon tungkol sa paninirahan para sa buwis.

Ang mga awtoridad sa buwis ay magpapalitan ng impormasyong inuulat taun-taon mula sa mga institusyong pampinansiyal upang tiyakin na lahat ay nagbabayad ng tamang halaga ng buwis.

## ● **Ano ang isang residente para sa buwis?**

Bawat bansa ay may ibat ibang namamahalang tuntunin sa paninirahan para sa buwis. Para sa mga indibiduwal, ang mga tuntuning ito ay batay kadalasan sa panahon ng pagtira doon o kung naroon ang tahanan ninyo.

## ● **Paano ko maibibigay ito?**

Ikaw ay kailangang magdeklara ng iyong paninirahan para sa buwis kapag nagbubukas ka ng bagong account o kapag hiniling ng bangko.

## ● **Paano ko gagawin ito?**

Kapag nagbubukas ng isang account, hihilingin sa iyo ang mga detalye ng iyong paninirahan para sa buwis. Ang impormasyong ito ay ibinibigay sa NetBank, o sa pagtawag sa amin sa **13 2221** o sa pagbisita sa alinman sa aming mga sangay.

## ● **Ano ang Tax Identification Number (Numero ng Pagkakakilanlan para sa Buwis)?**

Kung ikaw ay residente para sa buwis ng ibang bansa, hihilingin ang iyong Tax Identification Number (TIN) na ibinigay sa iyo ng bansang iyon, kung mayroon ka nito.

Ang TIN ay isang internasyonal na termino na maaaring may ibang tawag sa ilang bansa.



# MGA MADALAS ITANONG

**Ano ang mangyayari sa aking kasalukuyang account?**

Sa susunod mong pagbubukas ng bagong account, maaaring humiling ng impormasyon sa iyong panirahan para sa buwis, kung wala pa kami nito.

**Ano ang mangyayari kapag nagbukas ako ng bagong account (at hindi pa ako kostumer sa CommBank)?**

Ikaw ay hihilinging magdeklara ng iyong panirahan para sa buwis kapag nagbubukas ng bagong account sa CommBank.

**Ano ang mangyayari kung ako ay residente lamang para sa buwis sa Australya?**

Ikaw ay kakailanganin pa ring magkumpirmi ng impormasyon ng iyong panirahan para sa buwis. Ang pagbibigay ng iyong Australyanong Tax File Number (TFN) ay opsyonal.

**Ako'y isang estudyanteng taga-ibang bansa, ano ang kailangan kong gawin?**

Lahat ng kostumer ay kailangang magbigay ng impormasyon ng kanilang panirahan para sa buwis kapag nagbubukas ng isang account.

**Ano ang dapat kong gawin kung hindi ko tiyak kung ano ang aking idedeklara?**

Kung hindi mo tiyak ang tungkol sa iyong panirahan para sa buwis, ikaw ay dapat humingi ng payo. Kami ay hindi makapagbibigay ng payo sa aming mga kostumer.

**Ano ang proseso para sa mga bata na wala pang 14 taong gulang?**

Kapag ang bata ang may hawak ng account, ang bata o ang kanilang awtorisadong kinatawan, ay dapat magbigay ng impormasyon tungkol sa panirahan para sa buwis ng bata. Ang pagiging menor-de-edad ay hindi magbibigay-iksemsiyon sa kanila sa pagsagot sa mga tanong na ito.

**Kailangan ko bang magbigay ng impormasyon tungkol sa panirahan para sa buwis kung ako ay isang organisasyon (hindi indibiduwal)?**

Bilang pangkalahatang tuntunin ay, oo, bagama't ang ilang organisasyon ay may iksemsiyon gaya ng mga institusyong pampinansiyal, mga pampamahalaang ahensiya, o mga nakalistang organisasyon.



**Upang maisapanahon ang iyong panirahan para sa buwis**

Mag-log on sa **NetBank**, tawagan kami sa **13 2221** o bumisita sa alinman sa aming mga sangay.



**Upang maisapanahon ang iyong panirahan para sa buwis Para sa karagdagang impormasyon:**

Paki-tingnan ang website ng ATO **ato.gov.au** o bumisita sa amin **commbank.com.au** at mag-search sa sustainable business practices (mga gawi ng maipagpapatuloy na negosyo).